Dufferin-Peel Catholic District School Board

Mga Pagpasok

Mga Kahilingan para sa Pagpasok | Mga Lugar Hangganan ng Paaralan | Proseso sa Pagpaparehistro

MALUGOD NAMIN KAYONG TINATANGGAP sa Mga Paaralang Katoliko ng Dufferin-Peel

A Tradition of Excellence in Catholic Education

Nagkakaloob ng Kalidad na Edukasyong Katoliko

Ang Dufferin-Peel Catholic District School Board ay isa sa mga pinakamalaking distrito ng paaralan ng Ontario na higit ang pagkakaroon ng maramihang pagkakaiba. Kasalukuyan kaming namamahala ng 145 na mga paaralang Katoliko, 120 mga elementarya at 25 na mga segundaryo, sa Mississauga, Brampton, Caledon at Orangeville.

Sa Dufferin-Peel, ang aming layunin ay ang magkaloob ng kalidad na edukasyong Katoliko, na nagtuturo sa mga mag-aaral ng mga mahahalagang kaalaman sa buhay at naghahanda sa kanila para sa pagtatapos ng edukasyong segundaryo, ang pagtatrabahuhan, at ang kanilang mga tungkulin bilang mga responsableng mamamayan.

Sino ang maaaring magparehistro sa mga paaralan ng DPCDSB?

Elementarya

Ang mga pagpasok sa elementarya ay bukas para sa lahat ng mga batang Katoliko at mga anak ng mga magulang na Katoliko. Ang mga mag-aaral na Junior Kindergarten ay kailangang nasa edad na 4 taong gulang, at ang mga mag-aaral na Senior Kindergarten ay kailangang nasa edad na 5 taong gulang, bago sumapit ang Disyembre 31 sa taon ng pag-aaral ng pagpaparehistro.

Segundaryo

Ang mga pagpasok sa paaralan ng segundaryo ay kinasasakupan ng itinakdang batas panlalawigan sa ilalim ng polisa o policy ng Open Access at walang sinumang bata ang dapat tanggihan anumang mga uri ng relihiyon mayroon ang mga ito, maliban na lamang na hindi sila sang-ayon sa mga rito at kasanayan sa sistema ng paaralang Katoliko.

Saan ako maaaring magparehistro?

Maaaring iparehistro ng mga magulang ang kanilang mga anak para sa darating na pasukan o taon ng pag-aaral at/o semestro (segundaryo) sa anumang oras sa panahon ng taon ng pag-aaral (Setyembre-Hunyo). Bukas ang mga paaralan, isang linggo bago magsimula ang taon ng pag-aaral upang makapagparehistro ang mga mag-aaral na kalilipat lamang sa lugar sa mga buwan ng tag-init. Ang pagpaparehistro para sa mga Junior at Senior Kindergarten ay isinasagawa sa buwan ng Pebrero. Tumawag lamang ng maaga sa inyong lokal na paaralan upang makumpirma ang oras ng tanggapan at mga kailangan sa pagpaparehistro.

Anong paaralan ang nasa hangganan (boundary) ng aming lugar?

Upang malaman kung anong paaralang Katoliko ang nasa inyong lugar, sumangguni lamang sa aming Departamento para sa Pagpaplano (Planning Department) sa 905-890-0708 ext. 24440 o ext. 24018 at ibigay sa kanila ang numero ng inyong tirahan. Ipagkakaloob nila sa inyo ang pangalan at impormasyon ng inyong itinalagang paaralang Katoliko.

Paano ako makapagpaparehistro?

Ang mga magulang/mga tagapag-alaga ay kailangang personal na iparehistro ang kanilang mga anak sa kanilang itinalagang paaralang Katoliko.

- pagpapatunay ng edad ng bata [Sertipiko ng Kapanganakan (Birth Certificate), Kard ng Pagpaparehistro ng Kapanganakan (Birth Registration Card), Pahayag ng Buhay na Kapanganakan (Statement of Live Birth) o Pasaporte (Passport)]
- orihinal na kopya ng Sertipiko ng Binyag sa Katoliko Romano [Roman Catholic Baptismal Certificate (para sa magulang/tagapag-alaga AT sa anak)] o Sertipiko ng Binyag (Baptismal Certificate) mula sa ibang mga rito sa komunyon ng Banal na Diyosesis ng Roma [Holy See of Rome (kung hindi pa binyagan ang bata, isang liham ng pagpapayo mula sa pari ng parokya ay tatanggapin upang makumpleto ang proseso)]
- ang lahat ng nasa panahon na rekord ng immunization o pagpapabakuna, Kard para sa Pagpapabakuna (Immunization Card), Pormularyo para sa Pangkalusugan ng Peel (Peel Health Form) o Liham ng Pagpapahintulot (Letter of Exemption)
- pagpapatunay ng Pagkamamamayan na Canadian (Canadian Citizenship) o estado ng Permanenteng Residente (Permanent Resident) [mga dokumentasyon ng pagkamamamayan (citizenship documentation), Kard ng Permanenteng Residente (Permanent Resident Card) o Rekord ng Paglapag (Record of Landing)]
- pagpapatunay ng tirahan (ulat ng mga bayarin, bangko o rekord para sa kard ng kredito)
- mga numerong rural na tirahan pang-emerhensya upang makilanlan ang lugar na inyong pag-aari, kung kinakailangan (mga residente ng Caledon at County ng Dufferin)
- pagpapatunay ng English Separate School Support (maaaring isagawa sa panahon ng pagpaparehistro sa pamamagitan ng pagkumpleto sa *Application For the Direction of School Support and/or a Separate School Lease Agreement*, na makukuha sa paaralan)
- mga rekord sa edukasyon, kung mayroon man

**Kailangang ipadala ang lahat ng mga dokumento sa wikang Ingles*

Mga Pagpasok para sa mga Hindi-Canadian

Ang pagpasok para sa lahat ng mga hindi-Canadian (non-Canadian), mga nakarating na hindi-mamamayan (non-landed citizens), kasama ng mga refugee claimant, pang-internasyonal na mga mag-aaral (international students) na mayroong permisong mag-aral at mga mayroong permiso sa pagtatrabaho pang-magulang, ay kailangang isagawa sa bawa't indibidwal. Sumangguni lamang sa aming Departamento ng mga Pagpasok (Department of Admissions) para sa pakikipanayam upang malaman kung karapat-dapat sa pagpasok sa mga paaralan ng Dufferin-Peel Catholic.

Para sa mga karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagpasok at mga pangangailangan, sumangguni lamang sa aming Admissions Department sa 905-890-0708 ext. 24512, 24519 at 24511.